Ang Kabanalan ng Isang Kristiyano: Si Jesus at ang Kautusan

WARM-UP

- Sino ang iyong paboritong guro? Bakit mo siya paborito?
- Ano ang mas madali para sa iyo? Ang sumunod sa bawat utos o ang gawin mo ang magkusa? Bakit ito ang sa palagay mo?
- Sino ang pinakamaimpluwensyang taong nakilala mo? Paano ka niya naimpluwensiyahan?

WORD

17"Huwag ninyong isipin na naparito ako upang ipawalang-saysay ang Kautusan ni Moises at ang isinulat ng mga propeta. Naparito ako upang tuparin ang mga ito. 18Sinasabi ko sa inyo ang totoo, hangga't may langit at may lupa, kahit ang kaliit-liitang bahagi ng Kautusan ay hindi mawawalan ng kabuluhan hangga't hindi natutupad ang lahat. 19Kaya ang sinumang lumabag sa pinakamaliit na bahagi ng Kautusan, at magturo sa iba na lumabag din ay itituring na pinakamababa sa kaharian ng Diyos. Ngunit ang sinumang sumusunod sa Kautusan, at nagtuturo sa iba na sumunod din ay ituturing na dakila sa kaharian ng Diyos. 20Kaya tandaan ninyo: kung hindi ninyo mahihigitan ang pagsunod ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga Pariseo sa kalooban ng Diyos, hindi kayo makakapasok sa kaharian ng Diyos."

MATEO 5:17-20

Sa Kanyang Pangaral sa Bundok, sinabi ni Jesus na Siya lamang ang makakatupad sa hinihingi ng Kautusan sa atin, at dahil dito, Siya lamang ang daan patungo sa Diyos. Kahit gaano pa karami ang gawin nating kabutihan, hindi natin maaabot ang pamantayan ng Diyos pagdating sa kabanalan. Si Jesus lamang ang tanging makakatupad nito. Sa araling ito, titignan natin ang dalawang mahahalagang katotohanan tungkol sa kaligtasan ayon sa Bibliya.

1 Hindi natin kayang maging matuwid sa ating sariling pagsisikap.

Gaya nga ng sinasabi sa Kasulatan, "Walang matuwid sa paningin ng Diyos, wala kahit isa." **MGA TAGA-ROMA 3:10**

Tayo ay napalayo sa Diyos dahil sa kasalanan. Sa kabila ng lahat ng pagtatangka nating maging "mabait," "banal," at "matuwid," hindi natin maitatago ang katotohanan na tayo ay makasalanan sa kaibuturan ng ating pagkatao. Inilarawan ni Isaias ang mga *mababuting gawa* bilang mga *maruruming basahan* (Isaias 64:6). Sinubukan mo na bang mapalapit sa Diyos sa pamamagitan ng mga mababuting gawa? Ano ang nangyari at bakit hindi ito kailanman magiging matagumpay?

2 Si Jesus ang ating katuwiran.

[21]Pero ngayon, inihayag na kung paano itinuturing ng Diyos na matuwid ang tao. Ito'y hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Ang Kautusan na mismo at ang mga propeta ang nagpapatotoo rito. [22]Ang tao'y itinuturing ng Diyos na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. At walang pinapaboran ang Diyos. Kaya ang sinumang sumasampalataya kay Jesu-Cristo ay itinuturing niyang matuwid. **MGA TAGA-ROMA 3:21,22**

Ipinadala ng Diyos si Jesus, ang walang kapintasang sakripisyo, upang linisin tayo mula sa ating mga kasalanan, bigyan tayo ng kakayahan na makatanggap ng kapatawaran, at ibalik tayo sa tamang relasyon sa Ama. Dahil sa ginawa Niya para sa bawat isa sa atin sa krus, ipinagkaloob Niya sa atin ang Kanyang kabanalan. Kung tayo ay maniniwala kay Jesu-Cristo at sa ginawa Niya para sa atin, binibigyan tayo ng Banal na Espiritu ng kakayahan na mamuhay nang may kabanalan araw-araw. Paano ka nabigyan ng kakayahan na mamuhay nang may kalayaan at kabanalan dahil sa pagkakaroon mo ng pananampalataya kay Jesus?

APPLICATION

- Tinanggap mo na ba si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo bang gawin ang desisyon na ito ngayon? Simula ngayon, mangakong susunod at magtitiwala sa Kanya habambuhay.
- Naniniwala ka ba na ikaw ay banal kay Cristo? Mayroon ka bang mga paniniwala o kaisipan na kailangang pagtagumpayan upang mataggap mo ang katotohanang ito? Paano mo magagawang magkaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa kabanalan ni Cristo, at sa ginawa Niya para sa iyo?
- Ngayong alam mo na na si Jesus ang iyong kabanalan, paano mo maisasapamuhay ang katotohanang ito araw-araw?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus upang mamatay para sa ating mga kasalanan, at sa pagbibigay sa atin ng katuwiran.
- Ipanalangin na magawa mong mabuhay sa kabanalan ni Cristo araw-araw. Ihayag ang katotohanan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay sa buhay mo.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na maipangaral ang ebanghelyo sa mga kapamilya, kaibigan, kamag-aral, at katrabaho mo. Maniwala sa Diyos para sa kanilang kaligtasan at pagbabagong-buhay.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph